DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION. REGIONAL OFFICE : CAR
RECEIVED
APR 11 2024
BY: TIME 7:50

**Advisory No. 048 . 2024**
Abril 8, 2024
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

**PAGMAMAPA NG PINAKAMAHUSAY NA PIYESA, ESTRATEHIYA, AT PAGTATAYA SA PAGTUTURO-PAGKATUTO NG MATATAG NA KURIKULUM**

Ang **Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)** sa Lungsod ng Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng Ika-10 Pambansang Seminar-Training na may temang **"Pagmamapa ng Pinakamahusay na Piyesa, Estratehiya, at Pagtataya sa Pagtuturo-Pagkatuto ng Matatag na Kurikulum "** na ito ay magaganap sa **Mayo 23-25, 2024** sa paraang **HYFLEX**-face-to-face sa Hostel Training Hall/Dining Hall ng University of Southern Philippines/USeP, Davao City, at OL naman gamit ang Zoom meeting.

Layunin ng seminar-training ang mga sumusunod: (1) makapagmapa ng pinakamahusay na piyesa kaugnay sa panitikan batay sa mga kasanayang pampagkatuto ng **Matatag na Kurikulum** sa antas ng elementarya, (2) makapagpakita ng mga mabisang estratehiyang lapat at sapat sa pagsasakatuparan ng mga kompetensiy sa Grades 7-10 sa kurikulu, ng Filipino, (3) maibahagi ang mga obhetibo at malikhaing pagtataya sa bawat pamantayam sa pagganap at mga kasanayang pampagkatuto sa Junior High School gamit ang rubrik at GRAPS, (4) maintelektuwalisa ang Filipino sa larang ng pagtuturo, pagkatuto, pagpagpakatuturo, at pananaliksik.

Hinihikayat ng Samahan ang mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang Senior High School na nagtuturo ng/sa Filipino para makadalo sa gawaing ito.Malaking tulong ito sa kanilang propesyonal na paglago at may **CPD pa ito.** Napapanahon din ang paksa/tema ng amng gawain para sa pagpapalakas ng Matatag Kurikulum.

Kaugnay nito, dapat tiyakin ang pagtalima sa **DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005** *(Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Ang gastustin sa pagdalo ay personal na gastusin ng mga kalahok.

Para sa mga nais dumalo, makipag-ugnayan kina Vasil A. Victoria, PhD, Punong Direktor ng SAGIF (09399042269), at Melinda R. Cardano, EdD, pangulo ng SAGIF. Para sa karagdagang impormasyon. Kalakip nito ang liham at iba pang detalye.

*CLMD/JDA/ray* Samahan ng mga Guro
0000/Abril 8, 2024

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE - CAR
APR 01 2024
BY: TIME:

1 Abril 2024

**DR. ESTELA L. CARIÑO**
Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
CAR

Direktor Cariño:

Maka-Filipinong araw po at **Maligayang Araw ng Pagkabuhay.**

Ang ***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)*** sa Lungsod Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng **Ika-10 Pambansang Seminar-Training** na may temang ***"Pagmamapa ng Pinakamahuhusay na Piyesa, Estratehiya, at Pagtataya sa Pagtuturo-Pagkatuto ng Matatag na Kurikulum"*** na magaganap sa **Mayo 23-25, 2025 sa paraang HYFLEX-** *face-to-face* sa ***Hostel Training Hall/Dining Hall*** ng *University of Southern Philippines/USeP, Davao City* at *OL* naman gamit ang *Zoom Meeting.*

Layunin ng seminar-training ang sumusunod: **(1)** makapagmapa ng pinakamahuhusay na piyesa kaugnay sa panitikan batay sa mga kasanayang pampagkatuto ng ***Matatag na Kurikulum*** sa antas ng elementarya, **(2)** makapagpakita ng mga mabisang estratehiyang lapat at sapat sa pagsasakatuparan ng mga kompetensi sa *Grades 7-10* sa kurikulum ng Filipino, **(3)** maibahagi ang mga obhetibo at malikhaing pagtataya sa bawat pamantayan sa pagganap at mga kasanayang pampagkatuto sa *Junior High School* gamit ang rubrik at *GRAPS*, **(4)** maintelektuwalisa ang Filipino sa larang ng pagtuturo, pagkatuto, kagamitang pampagpatuturo, at pananaliksik.

Kaugnay nito, hinihiling po naming **anyayahan ang inyong mga guro mulang elementarya hanggang sa *Senior High School*** na nagtuturo ng/sa Filipino para makadalo sa gawaing ito. Malaking tulong ito sa kanilang propesyonal na paglago at **may CPD pts** pa ito. Napapanahon din ang paksa/tema ng aming gawain para sa **pagpapalakas ng Matatag na Kurikulum.**

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas ng **kaguruan ng/sa Filipino.** Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09399042269** o sa email address na **b_bical@yahoo.com.**

Dalangin po namin ang inyong positibong pagtugon.

Dios mabalos po.

Lubos na gumagalang,

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Direktor ng SAGIF
**09399042269**

**MELINDA R. CARDANO, EdD**
Pangulo ng SAGIF